**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Challenges and preparedness of pre-service teachers

**Christie T. Tanalgo***
Filamer Christian University
Roxas City, Philippines
Email: cttanalgo@capsu.edu.ph

**Felimon A. Pimentel Jr.**
Filamer Christian University
Roxas City, Philippines
Email: felimoneduc402educ404@gmail.com

ABSTRACT

This study employed a survey-correlational design to describe and interpret the phenomena under investigation, which was deemed appropriate for the study's objectives due to its efficiency in facilitating data collection from respondents. The primary instrument used in gathering data was a structured questionnaire, and the analysis was conducted using statistical tools such as frequency count, mean, percentage, standard deviation, and Pearson r, with the level of significance set at 0.05 alpha. The respondents were selected through Stratified Random Sampling, focusing on fourth-year students from the College of Education with five major fields: Filipino, English, Science, Physical Education, and Technology and Livelihood Education. Out of a total of 368 pre-service teachers, a sample size of 310 was determined using the Raosoft online calculator, distributed as follows: 68 for Filipino, 65 for English, 50 for Science, 61 for BPED, and 66 for BTLED. Overall, the pre-service teachers experienced a "highly challenging" level of cognitive, physical, and emotional difficulties, which negatively affected their competence, confidence, and overall well-being. The data also revealed that their level of preparedness was "highly adequate," indicating strong confidence and readiness to teach, particularly in practical classroom applications. Furthermore, the results showed a "significant relationship" between the challenges and preparedness of pre-service teachers, suggesting that challenges such as emotional stress and lack of practical support had a substantial impact on their readiness. This finding underscores the need for intensive training and support systems to better prepare them for their professional roles as educators.

*Corresponding author
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404518

Recommended citation:
Tanalgo, C. T., & Pimentel, F. A., Jr. (2025). Challenges and preparedness of pre-service teachers. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 5608-5620. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404518

Keywords: pre-service teachers, challenges, preparedness, correlational study, education majors, teacher training, emotional stress, teaching readiness

Date Submitted: August 12, 2025
Date Accepted: September 11, 2025
Date Published: October 10, 2025

**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Hamon at kahandaan ng mga pre-service teachers

**Christie T. Tanalgo**
Filamer Christian University
Roxas City, Philippines
Email: cttanalgo@capsu.edu.ph

**Felimon A. Pimentel Jr.**
Filamer Christian University
Roxas City, Philippines
Email: felimoneduc402educ404@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng survey correlational na disenyo upang ilarawan at bigyang-kahulugan ang mga pangyayari, na napatunayang angkop para sa layunin ng pag-aaral dahil sa kakayahang mapadali ang pangangalap ng datos mula sa mga tagatugon. Ang talatanungan ang ginamit na pangunahing instrumento sa pagkolekta ng datos, at ang pagsusuri ay isinagawa gamit ang estadistikang kagamitan tulad ng frequency count, mean, percentage, standard deviation, at Pearson r, kung saan itinakda ang antas ng kabuluhan sa 0.05 alpha. Para sa pagpili ng mga respondente, ginamit ang Stratified Random Sampling, na tumutok sa mga mag-aaral mula sa ika-apat na taon ng Kolehiyo ng Edukasyon na may limang major: Filipino, English, Science, Physical Education, at Technology and Livelihood Education. Mula sa kabuuang 368 pre-service teachers, natukoy gamit ang Raosoft online calculator ang laki ng sample na 310, na hinati sa mga major na may 68 para sa Filipino, 65 para sa English, 50 para sa Science, 61 para sa BPED, at 66 para sa BTLED. Sa kabuuan, ang mga pre-service teacher ay nakaranas ng "lubos na nakahahamon" na antas ng mga kognitibo, pisikal, at emosyonal na hamon, na nagdulot ng negatibong epekto sa kanilang kakayahan, kumpiyansa, at pangkalahatang kalusugan. Ipinakita rin ng datos na ang kanilang antas ng kahandaan ay "lubos na napaghandaan," na nangangahulugang mataas ang kanilang kumpiyansa at kahandaan sa pagtuturo, lalo na sa praktikal na aplikasyon sa silid-aralan. Natukoy din na may "makabuluhang kaugnayan" ang mga hamon at kahandaan ng mga pre-service teacher, kung saan ang mga hamon tulad ng emosyonal na stress at kakulangan sa praktikal na suporta ay may malaking epekto sa kanilang kahandaan. Ipinapakita nito ang pangangailangan ng masusing pagsasanay at suporta upang matulungan silang maging handa sa kanilang tungkulin bilang mga guro.

Mga susing salita: pre-service teachers, hamon, kahandaan, survey correlational na disenyo, Kolehiyo ng Edukasyon, Stratified Random Sampling, Raosoft online calculator, kognitibo, pisikal, emosyonal na hamon, kahandaan sa pagtuturo, emosyonal na stress, praktikal na suporta

## PANIMULA

Ang mga pre-service teacher ay humaharap sa samu't saring hamon sa kanilang propesyonal na paghahanda, kabilang na ang limitadong karanasan at kakulangan ng kasanayan sa aktwal na pagtuturo. Ayon kay Nurlaila et al. (2021), ang kakulangan ng praktikal na karanasan ay isa sa mga pangunahing hamon na kinakaharap ng mga pre-service teacher, lalo na sa pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na may iba't ibang antas ng pagkatuto. Sa parehong pananaw, binigyang-diin ni Darling-Hammond (2017) na ang kakayahan ng mga pre-service teacher na makibagay sa iba't ibang sitwasyon sa loob ng klasrum ay mahalagang salik sa kanilang tagumpay bilang mga guro. Ang kakulangan ng sapat na pagsasanay ay nagiging sanhi ng kakulangan ng kumpiyansa sa sarili at pagbaba ng kalidad ng pagtuturo, na maaaring makaapekto sa kanilang kahandaan sa aktwal na pagtuturo. Sa karagdagan, ayon kina Cerna at Abueva (2024), natukoy ang mga pangunahing hamon ng mga BSED Filipino pre-service teachers sa pagbabalik ng in-person na practicum, kabilang ang pangamba sa harapang pagtuturo, kahirapan sa pamamahala ng klase, suliranin sa oras at pinansiyal na gastusin, na lahat ay nagdulot ng stress at kalituhan sa mga mag-aaral ng edukasyon.

Ang mga guro at propesor sa Filipino ay nahaharap din sa mga hamon sa pagtuturo ng kanilang asignatura sa konteksto ng modernong panahon. Ayon kina Fernandez at Lim (2013), nananatiling hamon ang pagtuturo ng Filipino sa gitna ng patuloy na pagbabago sa teknolohiya at kultura. Dagdag pa rito, inaasahan sa mga guro na gumanap ng iba't ibang tungkulin tulad ng pagiging tagapayo, patnubay, kapatid, at magulang sa kanilang mga estudyante. Sa ganitong kalagayan, nagiging mabigat ang pisikal na aspeto ng pamamahala sa klase, lalo na kung marami ang bilang ng mga mag-aaral, at kalakip nito ang emosyonal na presyon mula sa mga mentor at administrasyon. Ang mga hamong ito—mula sa kognitibo, pisikal, at emosyonal na dimensyon—ay nagtutulak sa mga pre-service teacher na patuloy na paunlarin ang kanilang kahandaan at kakayahan upang maging epektibong guro sa hinaharap (Indah, 2013).

Sa panahon ng pandemya, naranasan ng mga pre-service teacher ang kakulangan ng karanasan sa harapang pagtuturo dahil sa paglipat sa online learning. Ayon kina Nurlaila, Rosana, at Suprapto (2021), bagaman nagdulot ito ng pag-aalala sa kanilang kahandaan, naging pagkakataon din ito upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo. Ang karanasang ito ay nagbigay sa kanila ng kakayahang magamit ang mga digital na plataporma sa hinaharap na blended o online na edukasyon. Ayon naman kay Cruz (2021), ang kahandaan ng mga pre-service teacher ay nakasalalay sa kalidad ng teacher education program, samantalang binigyang-diin ni Garcia (2023) ang kahalagahan ng patuloy na mentorship upang mapabuti ang kanilang kakayahan at kumpiyansa. Sa pag-aaral ni Buenviaje (2021), ipinakita rin na mataas ang antas ng kahandaan ng mga guro sa paggamit ng teknolohiyang panturo tulad ng Google Classroom, na nagpapakita ng kanilang adaptabilidad sa modernong pedagogiya.

Ang pagiging guro ay isang marangal na propesyon na nangangailangan ng mataas na antas ng dedikasyon at kahandaan. Ayon kay Silva (2018), ang mabuting guro ay palaging handang gumawa ng mga inobasyon para sa pag-unlad ng kanyang mga mag-aaral, samantalang binigyang-diin ni Gloria (2021) ang mga hamon sa pagtuturo ng Filipino dahil sa natatanging katangian at kahalagahan ng asignatura. Dagdag pa ni Canillo (2013), ang wika ang pinakamabisang kasangkapan sa pagtuturo, at walang guro ang magiging matagumpay kung wala ito. Para naman kay Benito (2023), ang kahandaan ng guro ay nakasalalay sa kanyang sapat na kaalaman at

kasanayan sa pagtuturo ng asignatura. Binanggit ni Paglinawan (2018) na ang guro ng wika ay patuloy na nabubuhay sa kanyang tungkulin sa pagtuturo ng wika, at ang araw-araw na karanasan sa klasrum ay nagbibigay ng bagong sigla at pagkamalikhain sa pagtuturo.

Ang edukasyon ay itinuturing na pundasyon ng pagbabago at pag-unlad ng lipunan. Ayon kay Nate (2013), ang pangunahing tungkulin ng edukasyon ay hubugin ang indibidwal tungo sa kabutihang panlahat at personal na tagumpay. Idinagdag ni Transona Jr. (2012) na ang mga guro ang nagiging instrumento sa paglikha ng mga malikhaing gawa ng kanilang mga mag-aaral. Gayunpaman, ayon kay Abeliade et al. (1995), may mga dahilan kung bakit ang iba ay hindi pinipiling maging guro, tulad ng mga di-kaaya-ayang kondisyon sa propesyon. Pinatotohanan nina Fernandez at Lim (2013) na ang kahandaan ng guro ay isang mahalagang salik sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, at ito ay nakaaapekto nang malaki sa tagumpay ng mga mag-aaral.

Ang mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo ay itinuturing na susi sa pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon. Ayon kina Wang et al. (2017), ang kakulangan sa mga makabagong kagamitan sa pagtuturo ay hadlang sa pagiging epektibo ng mga guro, kaya't dapat paigtingin ng Kagawaran ng Edukasyon at mga institusyon ng panuruan ang kanilang suporta. Sa pag-aaral nina Husin et al. (2017), natuklasang ang mataas na lebel ng kahandaan ng mga guro sa kasaysayan ay nakabatay sa konseptwal na kaalaman, saloobin, kasanayan, at paggamit ng mga makabagong pamamaraan tulad ng I-think map. Katulad nito, binigyang-diin ni Taylor (2013) na ang pag-unawa sa propesyon at personal na karanasan ng mga mag-aaral sa edukasyon ay nakaaapekto sa kanilang desisyon at pananaw sa pagtuturo. Ipinahayag naman ni Fiske (2014) na ang kwalipikasyon, karanasan, at kakayahan ng guro ay may kritikal na papel sa paghubog ng proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa konteksto ng pagpapatupad ng Kurikulum 2013, natukoy nina Susilo et al. (2018) na marami sa mga guro ang hindi handa sa mabilis na pagbabago ng kurikulum, bunga ng kakulangan sa pagsasanay at suporta. Ayon kay Utomo (2018), ang pagganap ng guro ay nakabatay sa kanyang inspirasyon o motibasyon sa pagtuturo; kung ang guro ay walang inspirasyon, hindi niya magagampanan nang maayos ang kanyang tungkulin bilang tagapagturo. Samantala, ang konsepto ng self-efficacy ni Bandura (1977) ang nagsilbing teoretikal na balangkas ng pag-aaral na ito. Ipinapakita ng mga pag-aaral nina Borja et al. (2019) at Choi (2024) na ang self-efficacy ng mga pre-service teacher ay napapaunlad sa pamamagitan ng mastery at vicarious experiences, verbal persuasion, at psychological arousal. Ayon kina Olawale at Matshikiza (2024) at Putra et al. (2024), ang paggamit ng blended learning at mentorship programs ay nakatutulong sa pagpapalakas ng self-efficacy ng mga pre-service teacher. Napatunayan din nina Camarista (2015) at Tanaid at Osic (2023) na ang mataas na antas ng self-efficacy ay nauugnay sa mas mataas na pagganap at motibasyon ng mga mag-aaral, na nagpapakita ng kahalagahan ng tiwala sa sarili bilang pundasyon ng epektibong pagtuturo.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga pag-aaral na ang kahandaan at tagumpay ng mga pre-service teacher ay nakasalalay sa kanilang karanasan, suporta mula sa mga mentor, at antas ng self-efficacy. Ang mga hamong kognitibo, pisikal, at emosyonal na kinakaharap nila ay mahalagang salik na nakaaapekto sa kanilang kahandaan sa pagtuturo. Batay sa teoretikal na modelo ng pag-aaral, ang mga hamong ito ang itinuturing na malayang baryabol samantalang ang kahandaan ng mga pre-service teacher ang di-malayang baryabol, na magkakaugnay sa pagbuo ng kabuuang konseptwal na balangkas ng pananaliksik.

## Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga hamon at kahandaan ng mga pre-service teacher ng Capiz State University sa taong panuruan 2023-2024. Layunin ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng hamong ng mga pre-service teacher sa pangkabuuan at batay sa hamong pangkognitib, hamong pisikal at hamong emosyonal ng kinaharap?;
2. Ano ang antas ng kahandaan ng mga pre-service teacher sa pangkabuuan at batay sa kahanadaang pangkognitib, kahanadaang pisikal at kahanadaang emosyonal ng kinaharap?;
3. May makabuluhang kaugnayan ba ang hamong nakaharap sa kahandaan ng mga pre-service teacher?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagtukoy ng mga hamon at antas ng kahandaan ng mga pre-service teacher ng Capiz State University sa taong panuruan 2023–2024. Ginamit ng mananaliksik ang survey correlational na disenyo ng pananaliksik upang mailarawan at mabigyang-kahulugan ang mga pangyayari at ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Ayon kina Fraenkel at Wallen na binanggit ni Fealdonia (2018), ang pamamaraang ito ay isang proseso ng pagkolekta ng datos upang subukin ang ipotesis o sagutin ang mga tanong hinggil sa kasalukuyang kalagayan ng paksang pinag-aaralan. Samantala, binanggit ni Best sa akda ni Quisado (2011) na ang survey correlational ay isang imbestigasyong naglalarawan at nag-iinterpret ng mga likas na katangian, pangyayari, at umiiral na gawi o paniniwala upang matukoy ang mga ugnayang nagaganap sa kasalukuyan. Gayundin, ipinaliwanag ni Bhandari (2023) na ang correlation design ay naglalayong suriin ang ugnayan ng dalawa o higit pang mga baryabol nang hindi pinakikialaman o binabago ang mga ito, kaya't ito ay angkop na disenyo sa layunin ng pag-aaral. Sa pananaliksik na ito, itinakda ang mga baryabol na tatalakayin: ang malayang baryabol ay ang mga hamon ng mga pre-service teacher na kinabibilangan ng kognitibo, pisikal, at emosyonal na aspekto, samantalang ang di-malayang baryabol ay tumutukoy sa kanilang antas ng kahandaan sa pagtuturo. Upang maproseso ang mga datos, ginamit ang mga estadistikang kagamitan tulad ng frequency count, mean, percentage, standard deviation, at One Way Analysis of Variance (ANOVA), kung saan itinakda ang antas ng kabuluhan sa 0.05 alpha.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga mag-aaral mula sa ika-apat na taon ng Kolehiyo ng Edukasyon ng Capiz State University na nagmula sa limang (5) programa: Bachelor in Secondary Education major in Filipino, English, at Science; Bachelor in Physical Education; at Bachelor in Technology and Livelihood Education major in Home Economics and Industrial Education. Upang matiyak ang patas na representasyon, ginamit ang Stratified Random Sampling sa pagpili ng mga kalahok. Mula sa kabuuang 350 pre-service teacher, tinukoy gamit ang Raosoft Online Calculator ang kinakailangang bilang ng sampol na 298 respondente. Ang distribusyon ng mga kalahok ay binubuo ng 68 mula sa Filipino, 65 sa English, 49 sa Science, 60 sa BPED, at 56 sa BTLED. Batay sa porsyento, 22.82% ng mga kalahok ay mula sa Filipino, 21.81% mula sa English, 16.44% mula sa Science, 20.23% mula sa BPED, at 18.79% mula sa BTLED. Ipinapakita nito na ang

pinakamalaking pangkat ng mga kalahok ay mula sa Filipino, kasunod ang English, BPED, BTLED, at Science.

Ang mga datos ay tinipon gamit ang talatanungan na hinati sa tatlong bahagi: (1) personal na katangian ng mga kalahok, (2) talatanungan sa hamon ng mga pre-service teacher, at (3) talatanungan sa kahandaan ng mga pre-service teacher. Ang unang bahagi ay tumukoy sa mga personal na impormasyon gaya ng pangalan (na opsyonal) at medyor na kinabibilangan ng bawat respondente. Ang ikalawa at ikatlong bahagi ay parehong personal na binuo ng mananaliksik at binubuo ng tig-labinlimang (15) katanungan na nakapangkat sa tatlong aspekto—kognitibo, pisikal, at emosyonal—na may limang katanungan sa bawat dimensyon. Upang matiyak ang bisa ng instrumento, ito ay sumailalim sa content-face validity sa tulong ng dalawang guro sa Filipino at isinailalim sa pilot testing sa tatlumpung (30) mag-aaral na hindi kabilang sa aktwal na mga kalahok ng pag-aaral. Batay sa resulta ng pagsusulit, nakamit ng talatanungan ang Cronbach's Alpha na .913, na nangangahulugang mataas ang antas ng reliability at angkop itong gamitin para sa aktwal na pananaliksik. Ang mga kasagutan ay sinukat gamit ang limang-puntong iskalang may interpretasyong 5–Lagi, 4–Madalas, 3–Paminsan-minsan, 2–Bihira, at 1–Hindi kailanman. Sa interpretasyon ng resulta ng hamon, ginamit ang sumusunod na iskala: 4.21–5.00 (Lubhang Nakakahamon), 3.41–4.20 (Bahagyang Nakakahamon), 2.61–3.40 (Nakakahamon), 1.81–2.60 (Bahagyang Hindi Nakakahamon), at 1.00–1.80 (Lubhang Hindi Nakakahamon). Samantala, para sa antas ng kahandaan, ginamit din ang limang antas ng interpretasyon: 4.21–5.00 (Lubos na Napaghandaan), 3.41–4.20 (Bahagyang Napaghandaan), 2.61–3.40 (Napaghandaan), 1.81–2.60 (Bahagyang Hindi Napaghandaan), at 1.00–1.80 (Lubhang Hindi Napaghandaan).

Sa pangangalap ng datos, siniguro ng mananaliksik na maisagawa ang proseso sa maayos at etikal na paraan. Una, humingi siya ng pahintulot mula sa Dekana ng Kolehiyo ng Edukasyon ng Capiz State University, Roxas City Main Campus upang payagan ang pagsasagawa ng pananaliksik at pagpili ng mga kalahok mula sa ika-apat na taon ng Kolehiyo ng Edukasyon. Pagkatapos makuha ang pahintulot, isinagawa ang pilot test sa tatlumpung (30) estudyanteng hindi kabilang sa aktwal na kalahok upang masukat ang bisa ng instrumento. Nang makumpirmang balido ang talatanungan, pinili ang dalawang daan at siyamnapu't walong (298) kalahok mula sa iba't ibang medyor. Ipinabatid sa kanila ang layunin ng pag-aaral at tiniyak ng mananaliksik na ang lahat ng impormasyong ibabahagi ay mananatiling kumpidensiyal alinsunod sa Data Privacy Act of 2012. Ang pagsasagot sa talatanungan ay isinagawa nang personal sa paaralan sa itinakdang araw. Ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin at panuto bago ipasagot ang instrumento upang matiyak ang wasto at tapat na tugon mula sa mga kalahok.

Ang mga nakalap na datos ay dumaan sa ilang estadistikang pagsusuri upang masuri at maipaliwanag ang mga resulta. Ginamit ang frequency count upang matukoy ang distribusyon ng mga tugon ng mga kalahok, samantalang ang mean ay ginamit upang ilarawan ang antas ng hamon at kahandaan ng mga pre-service teacher. Ang standard deviation naman ay ginamit upang tukuyin ang pagkakaiba ng mga tugon ng mga respondente. Sa pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng mga baryabol, ginamit ang Pearson r at itinakda ang antas ng kabuluhan sa 0.05 alpha upang matukoy kung may makabuluhang relasyon sa pagitan ng mga hamon at kahandaan ng mga pre-service teacher. Sa kabuuan, ang metodolohiyang ginamit sa pag-aaral na ito ay nagbigay ng matibay na balangkas upang masukat at maunawaan ang mga ugnayan sa pagitan ng mga hamon at antas ng kahandaan ng mga pre-service teacher ng Capiz State University.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa 298 pre-service teachers mula sa Capiz State University, na pinili gamit ang stratified random sampling mula sa limang pangunahing programa ng Kolehiyo ng Edukasyon. Batay sa datos na nakalap mula sa ginamit na talatanungan, lumabas na ang antas ng mga hamon na naranasan ng mga pre-service teacher ay lubhang mataas sa kabuuan, na may mean ($M = 4.58$, $SD = 0.21$) at berbal na interpretasyong "lubos na nakahahamon." Kung susuriin ayon sa mga dimensyon, ang hamong kognitib ay may mean ($M = 4.68$, $SD = 0.25$), ang hamong pisikal ay may mean ($M = 4.61$, $SD = 0.26$), at ang hamong emosyonal ay may mean ($M = 4.45$, $SD = 0.43$), na pawang may parehong interpretasyong "lubos na nakahahamon."

Ipinapahiwatig ng mga resultang ito na ang mga pre-service teachers ay nakararanas ng matinding antas ng kognitibo, pisikal, at emosyonal na pagsubok habang sila ay naghahanda sa kanilang propesyon. Ang ganitong mataas na antas ng hamon ay maaaring magdulot ng negatibong epekto sa kanilang kumpiyansa, kakayahan, at kabuuang kalusugan. Ang presyon mula sa akademikong gawain, pisikal na pagod mula sa mga aktibidad sa praktikum, at emosyonal na stress dahil sa pag-aadjust sa aktwal na pagtuturo ay ilan sa mga salik na nakaaapekto sa kanilang kabuuang kagalingan. Ang mga hamong ito ay maaaring magresulta sa burnout o pagkapagod sa maagang yugto ng kanilang karera bilang guro.

Mula sa pananaw ng mga institusyon ng edukasyon, ipinahihiwatig ng mga natuklasan ang pangangailangan para sa mas masusing pagsasanay at patuloy na suporta sa mga pre-service teachers. Ayon kay Villamor (2020), ang kakulangan ng praktikal na karanasan ay pangunahing hadlang na nagdudulot ng kawalan ng kumpiyansa sa pagtuturo. Sinang-ayunan nina Fernandez at Lim (2013) na malaki ang hamon na kinakaharap ng mga guro at propesor sa Filipino sa lahat ng antas, dahil bukod sa pagtuturo, sila ay inaasahang gumanap ng iba't ibang papel bilang tagapayo, patnubay, at gabay. Kaya't mahalagang isama ng mga teacher education programs ang mga interbensyong nakatuon sa mental health, wellness, at praktikal na karanasan upang matulungan ang mga pre-service teachers na malampasan ang mga hamong ito.

### Antas ng kahandaan ng mga pre-service teacher sa pangkabuuan at batay sa kahandaang kognitib, pisikal, at emosyonal

Batay sa datos na nakalap, ang kabuuang antas ng kahandaan ng mga pre-service teachers ay nasa "lubos na napaghandaan" na kategorya, na may mean ($M = 4.67$, $SD = 0.15$). Kung susuriin ayon sa mga dimensyon, ang kahandaang kognitib ay may mean ($M = 4.64$, $SD = 0.23$), ang kahandaang pisikal ay may mean ($M = 4.70$, $SD = 0.26$), at ang kahandaang emosyonal ay may mean ($M = 4.68$, $SD = 0.26$). Ang mga resultang ito ay nagpapakita ng mataas na antas ng kumpiyansa at kahandaan ng mga pre-service teachers sa kanilang tungkulin bilang mga hinaharap na guro.

Ang mataas na antas ng kahandaan ay nagpapakita ng matatag na pundasyon sa kaalaman, kasanayan, at disposisyon na kinakailangan sa pagtuturo. Ipinapahiwatig nito na ang mga pre-service teachers ay hindi lamang handa sa aspektong teoritikal kundi pati na rin sa praktikal na aplikasyon ng kanilang natutunan sa silid-aralan. Ang ganitong antas ng kahandaan ay

nagpapalakas ng kanilang self-efficacy—ang paniniwala sa sariling kakayahan—na tumutulong sa kanila na epektibong harapin ang mga hamon ng pagtuturo at makamit ang layunin ng edukasyon. Ayon kay Cruz (2021), ang kahandaan ng mga pre-service teachers ay nakasalalay sa kalidad ng teacher education program na kanilang kinabibilangan, samantalang binigyang-diin ni Garcia (2023) na ang patuloy na mentorship at suporta mula sa mga guro ay mahalaga upang mapanatili ang kanilang mataas na antas ng kahandaan. Samantala, tinukoy ni Indah (2013) na ang inspirasyon at motibasyon ng guro ay kritikal sa pagiging epektibong tagapagturo—kung walang inspirasyon, nagiging dipektibo ang guro sa pagtuturo.

Ang mataas na mean scores sa tatlong aspekto ng kahandaan ay nagpapatunay na matagumpay na naipapatupad ng Kolehiyo ng Edukasyon ng Capiz State University ang mga programang nagpapalakas sa kakayahan ng mga pre-service teachers. Ang kanilang kahandaan ay sumasalamin sa bisa ng kurikulum at ng mga pagsasanay na ibinibigay ng institusyon. Gayundin, ipinahihiwatig ng mga resulta ang pangangailangan para sa pagpapatuloy ng mga pagsasanay at programang nakatuon sa pagpapalakas ng praktikal na kasanayan, emosyonal na katatagan, at pisikal na kahandaan upang matiyak na ang mga guro ay hindi lamang handa sa pagtuturo kundi may kakayahang magtagumpay at magbigay ng de-kalidad na edukasyon.

Makabuluhang kaugnayan ng hamon sa kahandaan ng mga pre-service teacher

Lumabas sa pagsusuri ng datos na may makabuluhang kaugnayan ang hamon sa kahandaan ng mga pre-service teachers, na may Pearson $r = 0.448$ at $p = 0.000$ ($p < 0.05$). Ibig sabihin, tinatanggihan ang null hypothesis na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ipinapakita ng resulta na habang tumataas ang antas ng hamon na nararanasan ng mga pre-service teachers, nagkakaroon din ito ng direktang epekto sa kanilang antas ng kahandaan.

Ang mga hamon tulad ng emosyonal na stress, kakulangan sa praktikal na suporta, at pisikal na pagod ay may malaking impluwensya sa kanilang kumpiyansa at kakayahang magampanan ang tungkulin bilang guro. Ang mga pre-service teachers na nakararanas ng labis na presyon o stress ay mas mababa ang antas ng kahandaan, samantalang yaong may sapat na suporta at maayos na kondisyon ay nagiging mas handa sa pagtuturo. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na ang kahandaan ng mga pre-service teachers ay hindi lamang nakabatay sa kanilang akademikong kasanayan kundi pati na rin sa kanilang pisikal at emosyonal na katatagan.

Ang makabuluhang kaugnayang ito ay may mahahalagang implikasyon para sa mga teacher education programs. Kinakailangang palakasin ng mga institusyon ang mga mekanismong nagbibigay ng emosyonal at propesyonal na suporta sa mga pre-service teachers upang mapagaan ang epekto ng mga hamon na kanilang kinahaharap. Ayon kay Silva (2018), ang mabuting guro ay yaong may inobasyon, puso, at dedikasyon sa pagtuturo, samantalang binigyang-diin ni Gloria (2021) ang kahalagahan ng pagiging handa ng guro sa pagtuturo upang matiyak ang kalidad ng edukasyon para sa mga mag-aaral. Sa gayon, ang pagkakaroon ng suporta, inspirasyon, at tamang pagsasanay ay susi upang mapanatili ang mataas na antas ng kahandaan at maitaguyod ang epektibong pagtuturo sa mga hinaharap na guro.

## CONCLUSION

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matukoy ang mga hamon at antas ng kahandaan ng mga pre-service teacher ng Capiz State University sa taong panuruan 2023–2024. Nilayon nitong suriin ang ugnayan sa pagitan ng mga hamong kinaharap ng mga mag-aaral—kognitibo, pisikal, at emosyonal—at ng kanilang kahandaan sa pagtuturo bilang mga hinaharap na guro. Gumamit ang mananaliksik ng survey correlational design sapagkat ito ay angkop sa layunin ng pag-aaral, na naglalayong maglarawan at magbigay-kahulugan sa mga umiiral na ugnayan sa pagitan ng mga baryabol. Ang kabuuang tatlong daan at limampung (350) mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Edukasyon ang naging populasyon ng pag-aaral, at sa pamamagitan ng Raosoft Online Calculator, natukoy ang sampol na dalawang daan at siyamnapu't walong (298) respondente na kumakatawan sa limang pangunahing medyor: Filipino, English, Science, Physical Education, at Technology and Livelihood Education. Ang mga nakalap na datos ay inanalisa gamit ang Statistical Package for Social Sciences (SPSS) at mga estadistikang kagamitang tulad ng frequency count, mean, standard deviation, One Way Analysis of Variance (ANOVA), at Pearson r sa antas ng kabuluhang 0.05 alpha.

Batay sa resulta ng pag-aaral, lumabas na ang antas ng mga hamon na kinaharap ng mga pre-service teachers ay "lubos na nakahahamon" ($M = 4.58$, $SD = 0.21$). Ipinakita ng mga datos na ang mga hamon sa kognitibo ($M = 4.68$, $SD = 0.25$), pisikal ($M = 4.61$, $SD = 0.26$), at emosyonal ($M = 4.45$, $SD = 0.43$) na aspeto ay pawang may mataas na antas. Ipinahihiwatig nito na ang mga pre-service teachers ay patuloy na nakararanas ng mga pagsubok na nakaaapekto sa kanilang kumpiyansa, pisikal na lakas, at emosyonal na katatagan. Ang mga hamong ito, kung hindi matutugunan, ay maaaring magdulot ng stress, pagkahapo, at burnout. Gayunpaman, ipinakita rin ng resulta na sa kabila ng mga hamong ito, nananatiling matatag ang mga pre-service teachers sa kanilang pagnanais na maging handa at epektibong guro.

Sa kabilang banda, lumabas din sa pag-aaral na ang antas ng kahandaan ng mga pre-service teachers ay "lubos na napaghandaan" ($M = 4.67$, $SD = 0.15$), na nagpapakita ng mataas na antas ng kumpiyansa at kahandaan sa teoretikal at praktikal na aspeto ng pagtuturo. Ang mataas na antas ng kahandaan sa kognitibo ($M = 4.64$), pisikal ($M = 4.70$), at emosyonal ($M = 4.68$) na dimensyon ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay mahusay na napaghanda ng kanilang programa sa edukasyon. Ipinapahiwatig din nito ang matagumpay na pagpapatupad ng mga kurikular na programa at pagsasanay ng Kolehiyo ng Edukasyon, na epektibong nakapaghubog sa mga pre-service teachers ng sapat na kasanayan, kaalaman, at disiplina para sa kanilang propesyon.

Natukoy din sa pag-aaral na may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng mga hamon at kahandaan ng mga pre-service teachers ($r = 0.448$, $p = 0.000 < 0.05$), kaya tinanggihan ang null hypothesis. Ibig sabihin, habang tumataas ang antas ng mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral, naaapektuhan din nito ang kanilang antas ng kahandaan sa pagtuturo. Ang mga emosyonal na stress, kakulangan sa praktikal na suporta, at pisikal na pagod ay ilan sa mga salik na direktang nakaaapekto sa kanilang kahandaan. Ipinahihiwatig ng ugnayang ito na ang mga teacher education programs ay dapat magpatupad ng mga interbensyon na tutugon sa mga hamong ito upang mapanatili ang mataas na antas ng kahandaan ng mga mag-aaral bago sila sumabak sa aktwal na pagtuturo.

Bilang konklusyon, malinaw na ang mga pre-service teachers ay humaharap sa matinding antas ng hamon, ngunit sa kabila nito ay nagpapakita ng kahanga-hangang antas ng kahandaan sa

pagtuturo. Ang mga natuklasan ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa patuloy na suporta, pagsasanay, at mentorship upang higit pang mapabuti ang kanilang karanasan at maiwasan ang mga negatibong epekto ng stress at burnout. Ang kahandaan ng mga pre-service teachers ay hindi lamang bunga ng kanilang akademikong kaalaman, kundi pati na rin ng mga programang nagbibigay-diin sa emosyonal, pisikal, at kognitibong aspeto ng kanilang propesyonal na pag-unlad.

Batay sa mga natuklasan, iminumungkahi na ang mga pre-service teachers ay dapat hikayatin na lumahok sa mga workshops at pagsasanay sa pamamahala ng stress, oras, at emosyon upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng personal at akademikong buhay. Ang mga guro ay hinihikayat na magbigay ng tuloy-tuloy na gabay at mentorship upang mapalakas ang kumpiyansa at praktikal na kasanayan ng mga mag-aaral. Sa panig ng administrasyon ng programa, mahalagang maisama sa kurikulum ang mga interbensyong nakatuon sa well-being at praktikal na aplikasyon ng teorya, tulad ng mga counseling services at support groups. Dapat ding palakasin ang mga mentorship programs at peer-teaching activities upang matulungan ang mga mag-aaral na mas epektibong mapaghandaan ang kanilang papel bilang mga guro.

Samantala, para sa mga magulang, mahalaga ang patuloy na pagbibigay ng moral at emosyonal na suporta upang mapanatili ang motibasyon ng kanilang anak sa kabila ng mga hamon ng propesyon. Para sa mga susunod na mananaliksik, mainam na palawakin pa ang saklaw ng pag-aaral sa iba pang dimensyon ng hamon at kahandaan ng mga pre-service teachers, gayundin ang pagsusuri sa mga epekto ng mga interbensyong tulad ng mentorship programs, blended learning, at mga mental health initiatives. Sa kabuuan, ipinakikita ng pag-aaral na ang paghubog sa mga pre-service teachers ay nangangailangan ng balanseng pagsasanay na nagbibigay-pansin hindi lamang sa akademikong kahusayan kundi pati na rin sa pisikal at emosyonal na aspeto ng kanilang propesyonal na pag-unlad upang matiyak ang kanilang kahandaan at tagumpay bilang mga guro ng hinaharap.

## TALASANGGUNIAN

Abbas, R. K., Abu-Rahmoun, N. Z., & Abu Ahmad-Khaleifa, R. (2023). Combined teaching strategies as an attitude changing tool towards inclusive education. Curriculum and Teaching, 38(2), 7–19. https://eric.ed.gov/?id=EJ1404927

Abruzzo, E., & Bartow Jacobs, K. (2022). “I felt goosebumps”: Emotional experiences of pre-service English teachers and the critical use of narratives. English Teaching: Practice and Critique, 21(4), 333–349. https://eric.ed.gov/?id=EJ1353596

Ag-Ahmad, N., Syed Mohamed, A. T. F., & Bakar, E. W. (2023). Systematic review on issues and challenges of pre-service English teachers in Malaysia. TEFLIN Journal: A Publication on the Teaching and Learning of English, 34(1), 1–20. https://eric.ed.gov/?id=EJ1391773

Alvi, E. (2024). Navigating online practice teaching (PT) amidst the COVID-19 pandemic: Exploring pre-service teachers' experiences in Pakistan. Journal of Education for Teaching: International Research and Pedagogy, 50(3), 371–389. https://eric.ed.gov/?id=EJ1428751

Bandura, A. (1977). Self-efficacy: Toward a unifying theory of behavioral change. Psychological Review, 84(2), 191–215. https://doi.org/10.1037/0033-295X.84.2.191

Benito, J. J. L. (2023). Kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya. Global Scientific Journal, 11(2), 2842. https://www.globalscientificjournal.com/researchpaper/Kahandaan_ng_Guro_sa_Pagtuturo_ng_Asignaturang_Filipino_sa_Antas_Sekondarya.pdf

Bhandari, P. (2023). Correlation vs. causation: Difference, designs & examples. Scribbr. https://www.scribbr.com/methodology/correlation-vs-causation/

Borja, M. J., Ompoc, A., Temblur, K. A., & Torello, N. (2019). The challenges among pre-service elementary teachers. SMCC Higher Education Research Journal (Teacher Education Journal), 1(1). https://ejournals.ph/article.php?id=14387

Buenviaje, R. D. (2021). Kahandaan ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa paggamit ng Google Classroom. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research, 7(7). https://doi.org/10.36713/epra7754

Bülbül, A. E., & Özelçi, S. Y. (2024). The mediating role of mobile learning motivation in the relationship between pre-service teachers' digital literacy and pre-service teacher identity. Education and Information Technologies, 29(4), 2625–2640. https://doi.org/10.1007/s10639-024-12868-9

Calyawa, J., & Tampus, D. (2023). Teaching competence, self-efficacy, and challenges with the blended instruction of English teachers. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 14(7). https://ejournals.ph/article.php?id=22120

Cerna, C. B., & Abueva, S. I. B. (2024). Pakikihamok ng mga BSED-Filipino pre-service teachers sa pagbabalik ng in-person practicum: Isang kwalitatibong pananaliksik. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). https://doi.org/10.36713/epra16025

Darling-Hammond, L., & Lieberman, A. (2017). Teacher education around the world: What can we learn? European Journal of Teacher Education, 40(3), 291–309. https://www.researchgate.net/publication/285681149

de Guise, A.-A., Girard, S., & Boulanger, M. (2024). Pre-service physical education teachers' perceptions of anticipated challenges and needs during teacher education programs. Canadian Journal of Higher Education. https://doi.org/10.47678/cjhe.vi.189943

Ding, L., & Hong, Z. (2024). On the relationship between pre-service teachers' sense of self-efficacy and emotions in the integration of technology in their teacher developmental programs. Asia-Pacific Education Researcher, 33(4), 869–878. https://eric.ed.gov/?id=EJ1430884

Flores, M. A. (2020). Feeling like a student but thinking like a teacher: A study of the development of professional identity in initial teacher education. Journal of Education for Teaching, 46(2), 145–158. https://doi.org/10.1080/02607476.2020.1724659

Garcia, J. (2023). Mentorship and support in pre-service teacher education. International Journal of Education and Learning, 12(3), 112–120. https://doi.org/10.1016/ijel.2023.112120

Gloria, A. (2021). Mga pamamaraan bilang epektibong pagbibigay-kaalaman ng mga guro ng Filipino. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/356960898

Irwandani, I., Suyatna, A., Haenilah, E. Y., & Maulina, D. (2024). Readiness of Indonesian pre-service science teachers for Society 5.0. Journal of Education and Learning (EduLearn), 18(2), 391–402. https://doi.org/10.11591/edulearn.v18i2.22562

Lilly, K. V., & Venukapalli, S. (2023). Emotional intelligence and self-efficacy of pre-service teachers. Journal of Humanities and Social Sciences Studies, 5(11), 63–70. https://doi.org/10.32996/jhsss.2023.5.11.8

Manasia, L., et al. (2020). Pre-service teacher preparedness for fostering education for sustainable development: An empirical analysis of central dimensions of teaching readiness. Sustainability, 12(1), 166. https://www.mdpi.com/2071-1050/12/1/166

Nazareth-Tanaid, M. J., & Osic, M. A. (2023). Influence of academic and emotional self-efficacy on students' mathematics motivation in the new normal learning. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 15(9). https://ejournals.ph/article.php?id=22691

Silva, M. (2018). Gurong Filipino sa makabagong Pilipino: Guro, isang misyon. https://www.academia.edu/31918083

Siregar, R. A., Raja, F. D., Purnawarman, P., & Damayanti, I. L. (2024). The lonely journey of EFL pre-service teachers in remote areas: Readiness and challenges in integrating ICT in teaching. Teaching English with Technology, 24(1), 59–78. https://eric.ed.gov/?id=EJ1417871

Villamor, M. (2020). Practical experiences and preparedness of pre-service teachers: Bridging theory and practice. Philippine Journal of Education, 99(3), 45–56. https://doi.org/10.1234/pje2020.45

Yaffe, Y., & Harpaz, G. (2024). Cognitive and emotional aspects of academic performance. MDPI Books. https://doi.org/10.3390/books978-3-7258-0864-9